

**Pansamantalang Gabay: Gabay para sa Mga Taong Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan sa Mga Shelter at Navigation Center para Mabawasan ang Panganib ng COVID-19**

Na-update noong Disyembre 11, 2020

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco at ipost sa [www.sfcddcp.org/covid19hcp](http://www.sfcddcp.org/covid19hcp). Puwedeng magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago ng kaalaman, transmisyon sa komunidad, availability ng PPE, at pagsusuri.

**AUDIENCE:** Mga tauhang nakikipagtulungan sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa mga shelter para sa mga walang tirahan at navigation center.

**Buod ng Mga Pagbabago sa Gabay mula sa 05/23/2020 na Bersyon**

Na-update ang gabay para ilahad ang [Pansamantalang Gabay ng CDC para sa Mga Provider ng Serbisyo para sa Mga Walang Tirahan para Magplano at Tumugon sa Coronavirus Disease 2019 \(COVID-19\)](#), at magsama ng mga binagong rekomendasyon tungkol sa:


- Pagsusuot ng mga face mask o takip sa mukha ng mga residente
- Mga hakbang na pang-iwas para sa mga tauhan
- Pagsusuri sa mga walang sintomas na malapitang nakasalamuha ng mga taong may COVID-19
- Pag-screen ng mga residente at tauhan para sa mga sintomas ng COVID-19

**Buod ng Mga Pagbabago sa Gabay mula sa 06/19/2020 na Bersyon**

- Mga pagsasaalang-alang sa bentilasyon
- Mga tagubilin para sa pamamahala ng mga kaso ng COVID-19 sa lugar

Pakitingnan ang mga karagdagang [dokumento ng pansamantalang gabay para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan](#) at mga tauhan sa mga lugar na walang shelter, kasama na ang gabay para sa [Ligtas na Pagtulog para sa Mga Taong Walang Matirhan](#) at [Mga Village ng Ligtas na Pagtulog](#).

**BACKGROUND:** Ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ay posibleng may mas malaking posibilidad na mahawahan ng COVID-19 at mas madaling tamaan, sa partikular, ng mga outbreak ng COVID-19. Ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa mga shelter at navigation center ay posibleng mahirapang mag-isolate mula sa ibang tao at posibleng may mas malaking posibilidad na magkaroon ng mga kundisyong nauugnay sa matinding sakit kung magkakaroon sila ng COVID-19. Posible ring humantong sa pagkakasakit at pag-absent sa mga tauhan ng provider ng serbisyo para sa mga walang tirahan ang transmisyon ng COVID-19 sa mga lugar na ito. Nilalayan ng pansamantalang gabay na ito na suportahan ang mga tauhang nagtatrabaho sa mga shelter para sa walang tirahan at navigation center at makatulong na pigilan ang transmisyon ng COVID-19 sa mga lugar na ito.



## Mga Hakbang Para Mapigilan ang Transmisyon ng COVID-19

### **Magtakda ng mga hakbang sa social distancing para mabawasan ang panganib ng transmisyon:**

Mga lugar sa pagtulog:

- Sa mga pangkalahatang lugar sa pagtulog, hindi dapat bababa sa 6 na talampakan ang pagitan ng mga kama/banig.
- Gumawa ng mga pansamantalang pisikal na harang sa pagitan ng mga kama gamit ang mga sapin o kurtina o iba pang materyales kapag posible.
- Ayusin ang mga kama para magkaroon ng sapat na layo sa isa't isa ang mga indibidwal.
- Iurong ang lahat ng lamesa ng mga tauhan para hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo ng mga ito mula sa mga lugar sa pagtulog.

Mga karaniwang lugar:


- Isang residente lang ang payagan sa pasukan o paisa-isang mag-check in.
- Maglagay ng plexiglass sa desk ng mga tauhan/lugar ng trabaho kung posible.
- Baguhin ang ayos sa mga lugar ng pagkain na maraming gumagamit para magkaroon ng 6 na talampakang layo sa pagitan ng mga indibidwal (hal., alisin ang bawat isang nasa pagitang upuan at gamitin lang ang isang bahagi ng mesa).
- Kapag posible, alisin ang mga kubyertos sa paghahain na ginagamit ng marami.
- Maglagay ng hand sanitizer o mga washing station sa pasukan ng mga lugar sa pagkain.
- Payagan ang mga pagkain sa outdoor at hikayating gawin sa outdoor ang mga panggrupong aktibidad hangga't posible.

Baguhin o paghiwa-hiwalayin ang mga iskedyul para mabawasan ang bilang ng mga taong gumagamit ng mga pasilidad nang sabay-sabay:

- Maghatid ng pagkain o paghiwa-hiwalayin ang mga oras ng pagkain
- Paghiwa-hiwalayin ang iskedyul ng paggamit ng mga kusina, espasyo ng tirahan, at lugar ng libangan.
- Gumawa ng hiwa-hiwalay na iskedyul sa paliligo
- Alisin ang mga hindi kinakailangang panggrupong aktibidad; kung magsasagawa ng mga panggrupong aktibidad, hikayatin ang mga residente at tauhan na manatiling magkakalayo nang hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa isa't isa.

### **Limitahan ang pagpasok at paglabas ng residente sa pasilidad:**

- Maglagay ng hand sanitizer sa pasukan ng shelter, at hikayatin ang madalas na paghuhugas ng kamay
- Payagan ang mga residenteng manatili sa mga shelter nang 24/7 kung kaya itong suportahan ng lugar at mga tauhan AT kung patuloy na makakadistansya sa isa't isa.
- Hikayatin ang mga residenteng umalis lang para sa mga kinakailangan.
- Kunin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lahat ng residente, kasama na ang telepono, email, at taong tatawagan kapag emergency.
- Idokumento kung kailan papasok at lalabas sa shelter o navigation center ang mga residente.
- Hindi puwedeng pumasok ang mga residente nang walang naaangkop na takip sa mukha.



**Hikayatin ang mga residente at tauhang gumawa ng mga hakbang para mabawasan ang panganib ng transmisyon:**

Ang mga residente ay dapat magsuot ng facemask o takip, ayon sa Utos sa Kalusugan Blg. C19-12c ng San Francisco.

- Dapat magsuot ang lahat ng kliyente ng takip sa mukha sa tuwing hindi sila aktibong kumakain, umiinom, o kung sila ay nasa kanilang kuwarto at/o kama/mat (sa mga nakabahaging lugar para sa pagtulog).
- Dapat matakpan ng takip sa mukha ang ilong at bibig, at puwedeng gawa ito sa iba't ibang materyales. Ang mga pinakapektibong fabric para sa mga mask na gawa sa tela ay mga tightly woven na fabric na breathable at 2-3 layer .
- Huwag magsuot ng mga mask na may mga ventilation valve o vent
- Ang mga takip sa mukha na gawa sa tela ay dapat labahan nang madalas gamit ang detergent at mainit na tubig at patuyuin sa mainit na cycle.
- Hindi dapat magpasuot ng mask sa mga batang wala pang 2 taong gulang, sa sinumang nahihirapang huminga, o walang malay, hindi nakakakilos, o kaya walang kakayahang mag-alis ng mask nang walang tulong.
- Maglagay ng [mga karatula](#) sa buong pasilidad na may mga paalala tungkol sa paglilinis ng kamay, tamang gawi sa pag-ubo, at pag-uulat ng anumang sintomas sa mga tauhan.
- Hikayatin ang mga residente at tauhan na madalas na hugasan ang kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo bago kumain, pagkatapos magbanyo, pagkatapos nilang suminga, umubo, o bumahing, at bago at pagkatapos hawakan ang mukha o mga takip sa mukha.
- Kung walang available na sabon at tubig, gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alcohol

**Gumamit ng Kagamitan para sa Personal na Proteksyon (Personal Protective Equipment, PPE) alinsunod sa mga rekomendasyon ng CDC:**

Ang mga rekomendasyon ng CDC para sa Kagamitan para sa Personal na Proteksyon (Personal Protective Equipment, PPE) para sa mga provider ng serbisyo para sa mga walang tirahan ay kasama sa [Pansamantalang Gabay ng CDC para sa Mga Provider ng Serbisyo para sa Mga Walang Tirahan para Magplano at Tumugon sa Coronavirus Disease 2019 \(COVID-19\)](#). Ang mga lugar ay dapat sumangguni sa webpage ng CDC para sa pinakanapanahong gabay. Noong 10/31/2020, kasama sa mga rekomendasyon ng CDC para sa mga provider ng serbisyo para sa mga walang tirahan ang sumusunod:

- Payuhan ang mga tauhang iwasang hawakan ang mga gamit ng kliyente kung posible. Kung kailangang hawakan ng mga tauhan ang mga gamit ng kliyente, dapat silang gumamit ng mga disposable na gwantes.
- Bigyan ng kasanayan ang mga tauhan sa paggamit ng mga gwantes para matiyak ang tamang paggamit at matiyak na magsasagawa sila ng paghuhugas ng kamay bago at pagkatapos ng paggamit.
- Kung walang available na mga gwantes, dapat magsagawa kaagad ng paghuhugas ng kamay ang mga tauhan pagkatapos hawakan ang mga gamit ng kliyente
- Dapat gumamit ang mga tauhang sumusuri ng mga temperatura ng kliyente ng system na gagawa ng aktwal na harang sa pagitan ng kliyente at tagasuri gaya ng inilalarawan ng CDC sa [www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html#ScreenChildren](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html#ScreenChildren).



- Dapat tumayo ang mga taga-screen sa likod ng isang pisikal na harang, gaya ng salamin o plastic na bintana o partiyon na puwedeng magprotekta sa mukha ng miyembro ng tauhan mula sa mga respiratory droplet na posibleng lumabas kapag bumahing, umubo, o nagsalita ang kliyente.
- Kung hindi makapagpatupad ng social distancing o mga pangkontrol na harang/partiyon sa panahon ng pag-screen, inirerekomenda ng CDC ang mga sumusunod na PPE kapag kailangang lumapit ng tauhan sa isang residente sa loob ng 6 na talampakan:
  - Facemask (surgical o procedural mask)
  - Proteksyon sa mata (mga goggle o disposable na face shield na ganap na nagtatakip sa harap at mga gilid ng mukha)
  - Mga disposable na gwantes.
- Dapat labahan ng mga tauhan ang mga uniporme sa trabaho o damit pagkatapos gamitin gamit ang pinakamainit na naaangkop na setting ng tubig para sa mga item at patuyuin nang mabuti ang mga item.
- Para sa pansamantalang framework ng mga rekomendasyon ng PPE batay sa potensyal na panganib ng pagkakalantad, bumuo ng framework ang Lungsod at County ng San Francisco para sa paggamit ng PPE para sa mga tauhan ng CCSF na nagtatrabaho sa mga lugar na may madalas na paghahalubilo ng mga indibidwal na may iba't ibang status sa COVID-19 na nagsasaalang-alang sa panganib ng transmisyon ng COVID-19 virus habang nagsasagawa ng iba't ibang aktibidad at mga limitasyon sa mga mapagkukunan ng PPE. Makikita ang “Pansamantalang Framework sa Panahon ng COVID-19 Pandemic para sa Paggamit ng PPE ng Mga Manggagawa at Kontratista sa Serbisyo sa Sakuna ng Lungsod at County ng San Francisco (City and County of San Francisco, CCSF) na Nagtatrabaho sa Mga Lugar na Madalas ang Paghahalubilo ng Mga Indibidwal na May Iba't Ibang Status sa COVID-19” sa [www.sfcddcp.org/covid19hcp](http://www.sfcddcp.org/covid19hcp) sa ilalim ng “Kagamitan para sa Personal na Proteksyon.”
- Tingnan ang [Mga pansamantalang rekomendasyon sa PPE](#) para sa mga tauhan sa pagmementina na naka-post sa [www.sfcddcp.org/covid19](http://www.sfcddcp.org/covid19).

### **Maglinis at mag-disinfect:**

Suriin ang [mga gabay ng SFDPH sa paglilinis at kaligtasan ng disinfectant](#). Puwedeng gumamit ng mga hindi disposable na pinggan at silverware, at dapat hugasan ang mga ito ayon sa mga routine na pamamaraan.

### **Mga Supply:**

- Magpanatili ng mga sapat na supply ng mga materyal sa paglilinis
- Tiyaking may sapat na stock ng sabon at mga materyal sa pagpapatuyo ang mga lababo.
- Gawing available ang alcohol-based na hand sanitizer at tissue sa buong pasilidad (ibig sabihin, mga desk para sa pagpaparehistro, entrance/exit, at lugar kung saan puwedeng kumain)
- Maglagay ng mga facial tissue sa mga pasukan at lugar sa komunidad.
- Tiyaking may sapat na mga basurahang may saping plastic para sa tamang pagtatapon ng mga nagamit na tissue.
- Gawing available sa mga tauhan ang mga supply ng panlinis para linisin ang mga surface na madalas hawakan kung kinakailangan.
- Gumamit ng [produktong panlinis/disinfectant na inaprubahan ng EPA](#) na mabisa laban sa coronavirus (Listahan N ng CDC).



**Iskedyul:**

- I-update ang iskedyul at mga pamamaraan ng paglilinis.
- Sundin ang tagal ng pagbabad na nasa label ng disinfectant, at ang iba pang tagubilin ng manufacturer para sa paggamit.
- Linisin at i-disinfect ang mga madalas na hawakang surface sa mga karaniwang lugar, lugar ng mga tauhan, at lugar ng tirahan at tulugan ng residente nang kahit isang beses sa isang araw.
- Mas dalasan ang paglilinis at pag-disinfect para sa mga banyo na ginagamit ng marami.

**Kapag hahawak ng basura:**

- Magsuot ng guwantes.
- Hawakan lang ang mga basurahan sa mga walang lamang itaas na seksyon ng mga ito. Huwag hawakan ang basurahan nang nakadikit sa iyong katawan.
- Ibuhol ang basurahan bago ito ilagay sa pangkaraniwang (municipal) basura.

**Kapag maglalaba:**

- Huwag ipagpag ang maduming labada; pinapaliit nito ang posibilidad na kumalat ang virus sa hangin.
- Labahan ang mga item nang naaangkop alinsunod sa mga tagubilin ng manufacturer.
- Labahan ang mga item gamit ang pinakamainit na naaangkop na setting ng tubig para sa mga item at patuyuin nang mabuti ang mga item.
- Ang maduming labada na nadikit sa isang taong may sakit ay puwedeng labahan kasama ng mga item ng ibang tao.
- Linisin at i-disinfect ang mga hamper o iba pang cart para sa paglilipat ng labada alinsunod sa gabay sa itaas para sa mga matigas at malambot na surface.

**Bentilasyon**

Dapat sumunod ang lahat ng establisyimento sa mga protokol sa bentilasyon sa Seksyon 4.i ng [Utos na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay](#), at dapat din nilang suriin ang gabay ng SFDPH para sa pinahusay na bentilasyon na available sa: [www.sfcdcp.org/COVID-ventilation](http://www.sfcdcp.org/COVID-ventilation).


**Ang Layunin ng Bentilasyon**

Sa pamamagitan ng magandang bentilasyon, nakontrol ang mga droplet at particle na may nakakahawang sakit upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng:

- pag-aalis sa kuwarto ng mga droplet at particle sa hangin
- pagpapalabnaw sa konsentrasyon ng mga droplet at particle sa pamamagitan ng pagdaragdag ng sariwa at hindi kontaminadong hangin,
- pag-filter sa hangin sa kuwarto na nag-aalis ng mga droplet at particle sa hangin

**Gumawa ng Mga Kinakailangang Pagpapahusay sa Bentilasyon, kung Posible, Kabilang ang:**

- Magbukas ng mga bintana para pahusayin ang natural na bentilasyon sa pamamagitan ng outdoor na hangin kapag hindi magiging banta sa kalusugan at kaligtasan. Kung puwede, pag-isipan ding iwanan ang mga pinto nang bahagyang nakabukas para pumasok ang sariwang hangin sa indoor na espasyo.




- Huwag harangan o ipitin ang mga fire exit. Patuloy na sundin ang mga ipinag-aatas sa kaligtasan sa sunog at gusali.
- Kung magkakaroon ng banta sa pagkahulog para sa mga bata, gumamit ng mga kandado ng bintana para hindi magbukas ang mga bintana nang lampas 4 na pulgada, o ng iba pang pangkaligtasang device para maiwasan ang pagkahulog.
- Kung may HVAC system (na kung minsan ay tinatawag na mechanical na bentilasyon, forced air, o central air) ang iyong programa, sundin ang mga rekomendasyon sa [Gabay sa Bentilasyon ng SFDPH](#). Bigyang-prioridad ang pag-maximize sa intake ng outdoor na hangin at i-minimize ang nagpapaikot-ikot na hangin sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19. Kasama sa mga rekomendasyon ang:
  - Tiyaking sinusuri ng propesyonal ang HVAC system at na gumagana ito nang maayos.
  - Buksan ang mga air damper sa labas at isara ang mga damper para sa muling pagpapaikot (“mga economizer”) Ima-maximize nito ang dami ng outdoor na hangin na nasasagap ng HVAC system at imi-minimize nito ang dami ng indoor na hangin na pinapaikot ulit.
  - Kung puwede kang gumamit ng mga air filter na may mas mataas na efficiency nang hindi nababawasan ang airflow o nasisira ang iyong HVAC system, gumamit ng mga air filter na may rate na MERV13 o higit pa.
  - I-disable ang “mga kontrol sa bentilasyon batay sa pagkontrol ng demand” para patuloy na tumakbo ang mga fan kahit hindi kailangang i-heat o i-cool ang isang kuwarto.
  - Panatilihin tumatakbo ang HVAC system kahit na hindi ginagamit ang gusali, kung puwede. Kung may timer ang iyong HVAC, itakda na tumakbo ito, sa minimum, nang 1-2 oras bago magbukas ang gusali hanggang sa 2-3 oras pagkaalis ng lahat sa gusali, kasama ang mga custodial na tauhan.
- Pag-isipang gumamit ng mga portable na air cleaner (mga “HEPA filter”).
- Kung gumagamit ang establisyimento ng mga nakatayong bentilador o bentilador na nakakabit sa pader, isaayos ang direksyon ng mga bentilador upang mabawasan ang pag-hip ng hangin mula sa espasyo ng isang indibidwal papunta sa espasyo ng ibang tao.

Para sa higit pang impormasyon at karagdagang mapagkukunan, mangyaring tingnan ang sumusunod: Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH): [www.sfdcp.org/COVID-ventilation](http://www.sfdcp.org/COVID-ventilation)

## Tukuyin at I-isolate ang Mga Potensyal na Kaso ng COVID-19

### **Pangkalahatang-ideya ng screening:**

Dapat pagsuotin kaagad ng mask at i-isolate ang sinumang mag-uulat ng isa o higit pang BAGONG sintomas ng COVID-19 (na hindi maipapaliwanag ng dati nang kundisyon). Ipaalam sa iyong direktang supervisor na may natukoy kang residente na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19.



Magtalaga ng limitadong bilang ng [mga miyembro ng tauhan para magsagawa ng pag-screen at gumamit ng naaangkop na PPE](#). Tanungin ang taong isi-screen kung mayroon siya ng alinman sa isa sa mga [sumusunod na senyales o sintomas](#), na bago o hindi maipaliwanag ng dati nang kundisyon:

- Lagnat, Panlalamig, o paulit-ulit na pangisinginig/pangangatog
- Ubo
- Pamamaga ng lalamunan
- Pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga
- Hindi pangkaraniwang panghihina o pagkahapo
- Kawalan ng panlasa o pang-amoy
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Pananakit ng ulo
- Sipon o baradong ilong
- Pagtatae
- Pagduruwal o pagsusuka

Para sa mga detalyadong tagubilin sa pag-screen, [tingnan ang gabay sa pag-screen ng sintomas ng SFDPH](#)

### **I-screen ang mga tauhan para sa mga sintomas ng COVID-19:**

Araw-araw na magsagawa ng pagkuha ng temperatura at [pag-screen ng sintomas](#) ng mga tauhan bago ang pagsisimula ng shift at magpanatili ng talaan nito. Malinaw na iugnay sa mga tauhan na hindi sila dapat pumasok kung masama ang pakiramdam nila na may kasamang sipon at mga sintomas na gaya sa trangkaso.

- Sabihan ang mga tauhang magkakaroon ng anumang sintomas ng COVID-19 habang nasa trabaho na agad na tumigil sa trabaho, bigyan ng alerto ang kanilang supervisor, at umalis sa pasilidad.
- Dapat tumawag ang mga tauhang may sintomas sa kanilang doktor, sa Pagkontrol sa Nakakahawang Sakit ng SFDPH 415-554-2830, o [magpa-appointment para masuri](#).
- Ang mga tauhan ng mga shelter at navigation center ay mahahalagang tauhan at:
  - Bilang mahalagang tauhan, puwede mong ipagpatuloy ang pagtatrabaho pagkatapos makasalamuha ang isang kasong positibo sa o pinaghihinalaang may COVID-19 basta't wala kang sintomas at patuloy kang magsusuot ng mask; Depende ito sa patakaran ng iyong partikular na employer. Bukod pa rito, posibleng hindi ito ang sitwasyon kung nangyayari ang iyong contact sa kasalukuyan (hal. kung may kasama ka sa bahay na nagpositibo sa COVID-19 at hindi ka puwedeng mag-isolate mula sa taong iyon). Kakailanganin mo ring sumunod sa mga hakbang sa pag-quarantine sa bahay kapag wala ka sa trabaho.
  - Bilang mahalagang tauhan puwede kang [magpa-appointment para masuri](#) kahit na wala kang anumang sintomas o hindi Malapitang Nakasalamuha<sup>1</sup> ng isang kaso.

### **I-screen ang mga residente para sa mga sintomas ng COVID-19:**

Magpatupad ng protocol para man lang sa pang-araw-araw na pagsubaybay sa mga residente para sa mga sintomas ng COVID-19.

- Dapat magsuot ng face mask o takip sa mukha na gawa sa tela ang mga kliyente kapag sini-screen.
- Kunin ang kanilang temperatura gamit ang non-touch (infrared) na thermometer.
  - Para sa layunin ng pag-screen, inilalarawan ng SFDPH ang lagnat bilang pagkakaroon ng temperaturang  $\geq 100.4^{\circ}\text{F}$  ( $38.0^{\circ}\text{C}$ )

---

Tumutukoy ang <sup>1</sup> [Close Contact](#) sa mga kasama mo sa bahay, iyong nakakatalik, at mga taong nag-aalaga sa iyo o na inalagaan mo. Itinuturing ding close contact ang mga taong nakasalamuha mo nang wala pang 6 na talampakang distansya nang mahigit sa 15 minuto sa loob ng 24 na oras, nakasuot man kayo ng mask o hindi.



- Kung sinabi ng indibidwal na pakiramdam niya ay may lagnat siya, ituring itong isang sintomas kahit na normal ang nasukat na temperatura.
- Kung mag-uulat ng anumang sintomas ang isang indibidwal o may temperaturang  $\geq 100.4^{\circ}\text{F}$  ( $38.0^{\circ}\text{C}$ ), sundin ang mga hakbang para sa pag-isolate sa ibaba.
- Kung may temperaturang  $< 100.4$  ang isang indibidwal, puwede siyang manatili sa shelter o navigation center kung wala na siyang iba pang sintomas.
- Bukod pa sa regular na pag-screen, hikayatin ang mga residenteng magkakaroon ng mga sintomas na iulat ang mga sintomas na iyon sa (mga) itinalagang miyembro ng tauhan.

### **Kung ang isang residente ay pinaghihinalaang o kumpirmadong may COVID-19:**

Kung ang isang residente ay:

1. Natukoy na may lagnat o anumang sintomas na nasa itaas  
O KAYA,
2. Nakumpirmang nahawahan ng COVID-19  
O KAYA,
3. Natukoy na CLOSE CONTACT ng isang taong may COVID-19

Pagkatapos ay tumukoy ng espasyo kung saan puwedeng i-isolate mula sa iba pang residente ang residente (mainam kung isang kwartong nakahiwalay sa pamamagitan ng pinto) habang naghihintay ng karagdagang pagsusuri.

- Bigyan kaagad ng mask at i-isolate ang residente mula sa iba pang residente.
- Kung isa itong medikal na emergency o kung nahihirapang huminga, may hindi nawawalang pananakit o paninikip sa dibdib, nakakaranas ng bagong pagkalito, o may pangangitim ng labi/mukha ang residente, tumawag sa 911 para sa higit pang pagsusuri.
- Ipaalam ito sa iyong direktang supervisor at sa mga tauhan sa kalusugan ng shelter ng DPH sa lugar (kung nasa lugar).

### **Mga Karaniwang Oras ng Negosyo; 7 araw sa isang linggo**

- Mula 7am-7pm, (kung hindi nahihirapang huminga ang residente, at kung alerto siya at normal ang kulay ng kanyang balat) gamitin ang link sa ibaba para ma-refer ang residente sa isang hotel para sa Pag-isolate at Pag-quarantine.

<https://covid19isorequest.getcare.com/referral>

- Mula 7am-7pm, puwede kang tumawag sa **628-652-2820** para makipag-usap sa isang nurse kung mayroon kang mga tanong tungkol sa referral.

### **Pagkatapos ng Mga Oras ng Negosyo; 7 araw sa isang linggo f**

- Mula 7pm-7am, puwede kang tumawag sa linya ng Clinical Consult ng DPH sa **415-554-2830** para sa medikal na suporta.
- Mula 7pm-7am, ang mga matutukoy na **close contact na WALANG sintomas** na nasa mga congregate at hindi congregate na lugar ay puwedeng mag-isolate sa nakatalagang kuwarto para





sa pag-isolate hanggang sa umaga, kung kailan puwede silang i-refer sa Hotel para sa Pag-isolate at Pag-quarantine.

- Mula 7pm-7am, dapat pagsuotin ng mask at i-isolate ang isang residenteng may COVID-19 o mga sintomas sa isang kuwartong may pribadong banyo habang pinagpapasyahan ng mga tauhan ang mga susunod na dapat gawin. Matutukoy ang mga susunod na hakbang batay sa mga rate ng transmisyon sa komunidad.
  - Surge level na berde, orange, at dilaw: Kapag mababa ang mga rate ng transmisyon sa komunidad, dapat palabasin ng pasilidad ang residenteng may COVID-19 o mga sintomas para sa pagsusuri at/o pag-isolate.
  - Surge level na pula at purple: Kapag mataas ang mga rate ng transmisyon sa komunidad, dapat i-isolate ang isang residenteng may mga sintomas sa isang pribadong kuwarto at kung posible, dapat magtalaga ng hiwalay na banyo para sa mga kliyenteng ito.
  - Surge level na pula at purple: Kapag mataas ang mga rate ng transmisyon sa komunidad, dapat i-isolate ang isang residenteng may COVID-19 mula sa ibang tao sa isang pribadong kuwarto at nakatalagang banyo sa lugar.
  - Pagsapit ng 7am, puwedeng i-refer ang residente sa pag-isolate at pag-quarantine sa pamamagitan ng <https://covid19isorequest.getcare.com/referral>

## Pakikipag-ugnayan Kapag Pinaghihinalaan o Kumpirmadong May COVID-19 ang Isang Residente

### *MGA TAUHAN NG SHELTER*


- Dapat abisuhan ng mga tauhan ang kanilang direktang supervisor.
- Bago umalis ang residente sa shelter, dapat ipaalam sa kanya ng mga tauhan ng shelter na hindi siya puwedeng bumalik sa anumang congregante na shelter habang hinihintay niya ang mga resulta ng kanyang pagsusuri para sa COVID-19 o kung makukumpirmang mayroon siyang COVID-19.

### *SUPERVISOR NG SHELTER*

- Dapat abisuhan ng supervisor ng shelter ang kanyang direktang manager ng programa ng lungsod at/o ang manager ng Programang CCC at direktang supervisor ng lungsod.
- Dapat abisuhan ng supervisor ng shelter ang pamunuan para sa outbreak sa [PEHoutbreak@sfdph.org](mailto:PEHoutbreak@sfdph.org)
- Dapat abisuhan ng supervisor ng shelter ang mga tauhan sa kalusugan ng shelter ng DPH sa lugar (kung naaangkop).
- Makikipagtulungan ang supervisor ng shelter sa DPH tungkol sa pangkalahatang abiso para sa pagkakalantad ng kaso ng COVID-19 sa lugar.

Kung magpopositibo sa COVID-19 ang isang residente ng shelter, isasagawa ng DPH ang mga sumusunod na hakbang sa pakikipagtulungan sa shelter o navigation center.

- Makikipagtulungan ang DPH sa pamunuan ng CCC at sa pamunuan ng shelter/navigation center para maabisuhan ang mga tauhan at residente tungkol sa kaso ng COVID-19.



- Available ang Pamamahala ng Outbreak ng DPH para sagutin ang mga tanong mula sa mga residente o tauhan.
- Magsasagawa ang DPH ng pagsisiyasat sa kaso kasama na ang pagtukoy sa Mga Malapitang Nakasalamuha.
- Posibleng irekomenda ng DPH ang pagsusuri sa mga residente at tauhan.

## Pag-follow Up Pagkatapos ng Pinaghihinalaan o Kumpirmadong COVID-19

### **Mas dalasan ang pag-screen sa sintomas ng residente at mga tauhan:**

- Gawing dalawang beses sa isang araw kung posible ang pag-screen sa sintomas at temperatura ng lahat ng tauhan at mga residente.
- I-refer ang mga may sintomas na residente sa I/Q team.

## Mga Resource

### [Pagpigil sa Aerosol Transmissible Disease: Isang Reference na Gabay para sa Mga Shelter para sa Walang Tirahan at Mga Residential na Pasilidad ng Paggamot](#)

San Francisco Department of Public Health (SFDPH) (Kagawaran ng Kalusugang Pampubliko ng San Francisco):

- [Gabay para sa Mga Taong Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan](#)
- [PPE sa Panahon ng COVID-19 Pandemic](#)
- [Utos sa Kalusugan C19-12b na nag-aatas ng Mga Takip sa Mukha](#)

Centers for Disease Control and Prevention (Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit)

- [Pansamantalang Gabay para sa Mga Provider ng Serbisyo para sa Mga Walang Tirahan para Magplano at Tumugon sa Coronavirus Disease 2019 \(COVID-19\)](#)
- [Mga Mapagkukunan para Suportahan ang Mga Taong Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan](#)

California Department of Public Health (Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California):

- [Pangkalahatang Impormasyon tungkol sa COVID-19 mula sa CDPH](#)
- [Flowchart para sa triage at pagtatalaga](#)
- Gabay sa [pag-screen, triage, at pagtatalaga](#)

National Health Care for the Homeless Council (Konseho ng Pangangalagang Pangkalusugan sa Bansa para sa Mga Walang Tirahan) [Gabay sa Pandemic Flu](#)